# CARDIAC ARREST VS. ATAKE SA PUSO

**Madalas pinagpapalit ng mga tao ang mga terminong ito, pero hindi magkapareho ang mga ito.**

## ANO ANG **CARDIAC ARREST**?

**Nagaganap ang CARDIAC ARREST kapag pumalya ang paggana ng puso at huminto ito sa pagtibok nang hindi inaasahan.**

Nati-trigger ang cardiac arrest ng elektrikal na pagpalya sa puso na nagdudulot ng iregular na tibok ng puso (arrhythmia). Dahil nasira ang pagbomba ng puso, hindi ito makapagbomba ng dugo patungo sa utak, mga baga, at iba pang organ.

**Ang cardiac arrest ay isang "ELEKTRIKAL" na problema.**

### ANO'NG MANGYAYARI

Pagkalipas ng ilang segundo, mawawalan ng malay ang tao, hindi siya makakahinga, o kakapusin siya sa paghinga. **Puwedeng mamatay agad ang tao kapag hindi siya agad nakatanggap ng CPR.**

### ANO ANG DAPAT GAWIN


Puwedeng madoble o matriple ang tsansa ng isang tao na maka-survive mula sa cardiac arrest kung makakapagbigay agad ng CPR. Tawagan muna ang iyong lokal na emergency number at simulan agad ang CPR. Pagkatapos, kung may available na Automated External Defibrillator (AED), gamitin ito agad. Kung dalawang tao ang puwedeng makatulong, dapat simulan agad ng isang tao ang CPR habang ang isa naman ay tumatawag sa inyong lokal na emergency number at naghahanap ng AED—bumababa nang 10% kada minuto ang survival, kaya napakahalaga ng CPR. May kasanayan din ang mga EMS staff na mag-revive ng isang tao na huminto ang puso.

## ANO ANG **ATAKE SA PUSO**?

**Nangyayari ang ATAKE SA PUSO kapag nabarahan ang daloy ng dugo papunta sa puso.**

Kapag may bara ang isang artery, hindi nakakarating ang dugong may dalang oxygen sa isang bahagi ng puso. Kung hindi agad mabubuksan ulit ang nabarahang artery, magsisimulang mamatay ang bahagi ng pusong karaniwang sinusuplayan ng dugo ng naturang artery.

**Ang atake sa puso ay isang "SIRKULASYON".**




### ANO'NG MANGYAYARI

Posibleng agaran ang mga sintomas ng atake sa puso at posibleng kinabibilangan ng matinding kirot sa dibdib o iba pang parte ng itaas na bahagi ng katawan, kakapusan sa paghinga, malamig na pawis, at/o pagkaduwal/pagsusuka. Pero kadalasan, dahan-dahang nagsisimula ang mga sintomas at tumatagal nang ilang oras, araw, o linggo bago ang isang atake sa puso. Hindi gaya ng cardiac arrest, kadalasan ay hindi humihinto ang puso sa pagtibok kapag may atake sa puso. **Kung mas matagal hindi magagamot ang pasyente, mas magiging malaki ang pinsala.**

**Ang mga sintomas ng atake sa puso ng mga babae ay posibleng iba kumpara sa mga lalaki (kakapusan sa paghinga, pagkaduwal/pagsusuka, at sakit sa likod o panga).**

### ANO ANG DAPAT GAWIN

Kahit hindi ka sigurado na isa itong atake sa puso, tawagan agad ang iyong lokal na emergency number. Mahalaga ang bawat minuto! Pinakamaganda kung tatawagan ang iyong lokal na emergency number para makapunta sa emergency room agad-agad. Masisimulan ng mga emergency medical service (EMS) staff ang paggamot pagdating nila. Kadalasan, mas mabilis ding nagagamot sa ospital ang mga pasyenteng nakakaramdam ng pananakit ng dibdib kapag hinatid sila ng ambulansya.

### ANO ANG UGNAYAN?

Hindi nauuwi sa cardiac arrest ang karamihan sa mga atake sa puso. Pero kapag may cardiac arrest, atake sa puso ang karaniwang dahilan. May iba ring kondisyon na puwedeng makasira sa ritmo ng puso at mauwi sa cardiac arrest.

**ANG CARDIAC ARREST ay isa sa mga NANGUNGUNANG SANHI NG PAGKAMATAY.**

**Nakakaapekto ang cardiac arrest sa libo-libong tao kada taon, kung saan humigit-kumulang 75% sa mga ito ang nangyayari sa bahay.**

**Nakakasagip ng buhay ang mabilis na pagkilos.**

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga CPR training class ng American Heart Association sa iyong lugar, pumunta sa heart.org/cpr.**

**I-follow kami sa:**
facebook.com/AHACPR twitter.com/HeartCPR #CPRwithHeart

American Heart Association.


© Copyright 2023 American Heart Association, Inc., isang 501(c)(3) not-for-profit. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Trademark ng AHA. Ipinagbabawal ang hindi pinahihintulutang paggamit. WF218451 5/23